ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA

# CRACK Cocaine

Base
Ball
Jelly beans
Nuggets
Rock

drugfreeworld.ph

# BAKIT GINAWA ANG BOOKLET NA ITO

Maraming usap-usapan tungkol sa mga droga sa mundo—sa mga lansangan, sa eskuwelahan, sa Internet at sa TV. Ang ilan sa mga ito ay totoo, ang ilan ay hindi.

Sa katunayan, marami sa mga naririnig ninyo tungkol sa mga droga ay nanggagaling sa mga nagbebenta ng mga ito. Umamin ang mga nagbagong-buhay na nagbebenta ng droga na sasabihin nila ang kahit na ano para mapabili ang ibang tao ng ng droga.

Huwag magpapaloko. Kailangan mo ng mga katotohanan para makaiwas na malulong sa mga droga at matulungan ang iyong mga kaibigang lumayo sa mga ito. Iyon ang dahilan kung bakit namin inihanda ang booklet na ito—para sa iyo.

Mahalaga ang inyong opinyon sa amin, kaya umaasa kaming makarinig mula sa inyo. Maaari ninyo kaming bisitahin sa internet sa **drugfreeworld.ph** at padalhan kami ng e-mail sa **info@drugfreeworld.ph**.

# Ano ang Crack Cocaine?



Ang crack cocaine ay ang kristal na anyo ng cocaine, na karaniwang nasa anyong pulbos.* Solidong bloke ang mga ito o mga kristal na iba-iba ang kulay, dilaw, mapusyaw na kulay-rosas o puti.

Ang crack ay iniinit at hinihithit. Pinangalanan itong crack dahil lumalagitik ito o pumuputok kapag ininit.

Ang crack, ang pinakamalakas na anyo ng cocaine, ay ang siya ring pinakamapanganib. Ito ay mga 75% hanggang 100% puro, mas malakas at mas mabisa kaysa sa regular na cocaine.

Ang paghithit sa crack ay nakapagpapaabot dito sa utak nang mas mabilis at sa gayon ay nakapagbibigay ng matindi at agarang high—na nagtatagal ng mga 15 minuto lamang. At dahil maaaring magkaroon ng adiksyon nang mas mabilis kung hinihithit ang substansya sa halip na sa pagsinghot (pinapadaan sa ilong), maaaring maadik ang isang abusado sa kanyang unang beses ng paggamit sa crack.

Dahil sa kamahalan ng cocaine, matagal na itong itinuring na "droga ng mayaman." Ang crack, sa kabilang banda naman, ay ibinebenta sa mga presyong napakababa na kahit mga binatilyo't dalagita ay puwedeng makabili nito—sa una. Ang katotohanan ay sa oras na naadik na ang tao, bubulusok paitaas ang mga bayarin katumbas ng daming kinakailangan para masuportahan ang bisyo.

* Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa cocaine sa pulbos nitong anyo, tingnan ang booklet sa Katotohanan Tungkol sa Cocaine sa seryeng ito



# Mga Sikat na Tawag

Sa dose-dosenang mga sikat na tawag para sa crack cocaine na ginagamit ngayon, ang pinaka-karaniwan ay:

- 24-7
- Apple jacks
- Badrock
- Ball
- Base
- Beat
- Candy
- Chemical
- Cloud
- Cookies
- Crack
- Crumbs
- Crunch & munch
- Devil drug
- Dice
- Electric kool-aid
- Fat bags
- French fries
- Glo
- Gravel
- Grit
- Hail
- Hard ball
- Hard rock
- Hotcakes
- Ice cube
- Jelly beans
- Kryptonite
- Nuggets
- Paste
- Piece
- Prime time
- Product
- Raw
- Rock(s)
- Rock star
- Rox/Roxanne
- Scrabble
- Sleet
- Snow coke
- Sugar block
- Topo (Spanish)
- Tornado
- Troop



Halos isang taon akong nanirahan kasama ang isang adik sa crack.  Mahal ko ang adik na iyon, ang nobyo ko, nang buong puso ko, pero hindi ko na talaga [ito] matagalan.

“Pinigilan at kinapkapan ako ng mga pulis; ni-raid kami noong 6 ng umaga. Walang tigil na nagnakaw ang ex ko at hindi ko siya maitiwalag mula sa kanyang pipa.

“Sa tingin ko ay mas masama ang crack kaysa sa heroin—isang pipa lang ang kailangan para maging isa kang imoral na halimaw.” — Audrey

# Pandaigdigang Estadistika

Sa mga Pederal na hukuman sa Estados Unidos noong 2007, 5,477 indibidwal ang natagpuang may-sala sa mga krimeng may kinalaman sa crack cocaine. Higit pa sa 95% ng mga lumabag na ito ay nadawit sa pagtatrapiko ng crack cocaine.


Iba ang sitwasyon sa Europa. Inuulat ng European Monitoring Centre on Drugs and Drug Addiction (Europeong Sentro ng Pagmamatyag sa Mga Droga at Pagkalulong sa Droga) na ang pag-abuso sa crack cocaine ay karaniwang limitado sa minoridad na mga komunidad sa malalaking siyudad na may matataas na antas ng kawalan ng trabaho at hindi magagandang kondisyon ng pamumuhay. Noong 2006, 20 bansa mula sa Europa ang nag-ulat na ang mga umaabuso ng crack cocaine ay kumakatawan lamang sa 2% ng lahat ng mga gumagamit ng droga na pumapasok sa pagpapapagamot para sa pag-abuso ng droga, at karamihan sa mga ito ay iniulat ng Inglatera.

Ipinakita ng US National Survey on Drug Use and Health (Pambansang Sarbey sa Paggamit ng Droga at Kalusugan ng Estados Unidos) noong 2007 na 8.6 milyong Amerikanong edad 12 at matanda pa ay naiulat na gumagamit ng crack. Sa mga 18 hanggang 25 taong gulang, 6.9% ng mga sinarbey ay nagsabing gumamit sila ng crack sa loob ng nakaraang taon. Natuklasan ng sarbey ng Pamahalaan ng Estados Unidos na ang Monitoring the Future (Pagmamatyag sa Hinaharap) noong 2007 na sa mga estudyante ng mataas na paaralan, 3.2% ng mga nasa ikalabindalawang baitang ay gumamit ng crack cocaine sa isang punto sa kanilang mga buhay.


Sa Estados Unidos, ang crack cocaine ang pangunahing substansyang inaabuso sa 178,475 na tinanggap sa paggamutan noong 2006. Kumakatawan ito sa 71% ng lahat ng pangunahing pagtanggap sa pagamutan para sa cocaine sa taong iyon.



# CRACK AT KRIMEN




Honolulu, Hawaii




"Makasariling droga ito, itong crack na ito. Sinasakop nito ang buong buhay mo. Mabilis na kumakapit ang crack. Sandali lang ito. Napakatindi ng masidhing pagnanais na nililikha nito. At ginagamit mo ito nang mas madalas dahil sandali lamang ang itinatagal ng high." — Peter

# Bakit talagang nakaka-adik ang crack cocaine?

Ang crack cocaine ang isa sa mga pinakamakapangyarihang ilegal na droga pagdating sa paglikha ng sikolohikal na pag-asa sa droga. Pinasisigla nito ang mahahalagang mga sentrong pangkasiyahan sa utak at nagdudulot ng pambihirang napatinding kasiyahan. Hindi nagtatagal pagkatapos sinimulang gumamit ng isang tao ay nagkakaroon ng mahumaling na paggamit ng crack, dahil ang substansya ay hinihithit at mabilis na pumapasok sa daluyan ng dugo. Madaling nagkakaroon ng toleransiya sa crack cocaine—hindi magtatagal ay mabibigo ang adik na makamit ang parehong high na unang nararanasan mula sa parehong dami ng crack cocaine.



Nagkaroon ako ng $2,000 dolyar kada linggong bisyo at desperadong makawala sa mga kadena.”
— Jennifer



# Mga Epekto ng Crack Cocaine



## ANO ANG PANANDALIANG MGA EPEKTO NG CRACK COCAINE?


Ang crack cocaine ay nagdudulot ng panandalia't matinding high na kaagad na sinusundan ng kabaliktaran nito—napakatinding kalungkutan, pagka-iritable at paghahanap pa para sa droga. Ang mga taong gumagamit nito ay madalas na hindi kumakain o natutulog nang maayos. Nakararanas sila ng matinding pagbilis ng tibok ng puso, pamumulikat ng mga kalamnan at mga kombulsyon. Ang droga ay maaaring magdulot sa mga tao na makaramdam ng paranoia, galit, makaramdam ng kasamaan at mabalisa, kahit na hindi sila "high".

Gaano man karami o gaano man kadalas gamitin ang droga, pinatataas ng crack cocaine ang panganib na maaaring

* paranoid: mapagduda, walang tiwala o takot sa ibang tao

makaranas ng atake sa puso, stroke, atake o kabiguan sa paghinga ang tao, alinman dito ay maaaring magresulta sa biglaang kamatayan.

Ang paghithit ng crack ay naghahain pa ng serye ng mga panganib sa kalusugan. Ang crack ay kadalasang ihinahalo sa ibang substansyang lumilikha ng nakalalasong mga usok kapag sinunog. Dahil hindi nananatiling may bisa ang usok ng crack nang matagal, ang mga pipa para sa crack ay karaniwang napakaiikli. Madalas itong nagdudulot ng biyak-biyak na mga labi, na kilala bilang “crack lip,” mula sa napakaiinit na pipang idinidiin sa mga labi ng mga gumagamit.



**Ang tanging nasa isip ko ay crack cocaine. At kapag may nag-alok sa iyo nito, susunggaban mo ito at kukunin mo ito. Para ba itong pag-aalok sa isang gutom ng tinapay pagkatapos niyang maglakad nang ilang kilometro. . . .**

**“Umabot ito sa sukdulan noong dalawang beses kada linggo na ako humithit. Isang araw ay nagpasya akong puno na ako—hindi ko na kayang mabuhay nang ganito. At nagtangka akong magpakamatay.**

**“Kailangan kong magsubok at lumaban. . . . Sana ay gumana ang udyok kong mabuhay.” — John**

**Nagretiro ako bilang isang matagumpay na ehekutibo ng isang kompanya na nakapagpatapos ng dalawang anak na babae sa kolehiyo at pinaghirapan ko ang aking pagreretiro. Gayunpaman, ang party ko sa pagreretiro ang simula ng limang taong impiyerno. Iyon ang unang beses na naipakilala ako sa crack cocaine. Sa loob ng susunod na limang taon, nawala sa akin ang aking tahanan, ang aking asawa, ang lahat ng aking mga pinagkukunang-yaman, ang kalusugan ko at halos pati na rin ang buhay ko.  Halos dalawang taon rin ang itinagal ko sa kulungan.” — William**

## ANO ANG PANGMATAGALANG MGA EPEKTO NG CRACK COCAINE?

**Karagdagan sa karaniwang mga panganib na kaugnay sa paggamit ng cocaine, ang mga gumagamit ng crack ay maaaring makaranas ng matitinding problemang may kinalaman sa paghinga, kabilang na ang pag-ubo, kakapusan sa paghinga, pinsala sa baga at pagdurugo.**

Ang pangmatagalang mga epekto mula sa paggamit ng crack cocaine ay kinabibilangan ng matinding pinsala sa puso, atay at mga bato. Ang mga gumagamit ay malamang na magkaroon ng nakahahawang mga sakit.

Ang patuloy at araw-araw na paggamit nito ay nagdudulot ng kawalan ng kakayahang matulog at kawalan ng gana sa pagkain, na nagreresulta sa malnutrisyon. Ang paghithit ng crack cocaine ay maaari ring magdulot ng agresibo at paranoid na pag-uugali.

Dahil sa ang crack cocaine ay umaantala sa pagpoproseso ng utak sa mga kemikal, mas marami’t mas marami ang kailangan ng isang tao para lamang maging “normal” ang pakiramdam nila. Ang mga taong nalulong sa crack cocaine (tulad ng sa ibang droga) ay nawawalan ng interes sa iba pang bahagi ng buhay.

Ang paghupa ng epekto ng droga ay nagdudulot ng napakatinding kalungkutan, na nagiging mas malalim at mas malalim pagkatapos ng bawat paggamit. Nagiging napakalala nito na gagawin ng isang tao ang kahit ano para lamang makuha ang droga—pati na pumatay ng tao.  At kapag hindi siya makakuha ng cocaine, maaaring maging napakatindi kalungkutan na maaari nitong itulak ang adik na magpakamatay.

# Pisikal at Pangkaisipang Mga Epekto

## PANANDALIANG MGA EPEKTO

Dahil hinihithit ito, ang mga epekto ng crack cocaine ay mas agaran at mas matindi kaysa sa pulbos na cocaine.

- Kawalan ng gana sa pagkain
- Napabilis na tibok ng puso, napataas na presyon ng dugo, napataas na temperatura ng katawan
- Sumikip na mga ugat (daluyan ng dugo)
- Napabilis na paghinga
- Napalaking mga balintataw
- Putul-putol at magulong pagtulog
- Pagkaduwal
- Sobrang pagkasigla
- Kakaiba, pabugsu-bugso at minsan ay marahas na pag-uugali
- Mga guni-guni, sobrang hindi mapakali at pagka-iritable
- Guni-guning may kinalaman sa panamdam na lumilikha ng ilusyon ng mga insektong gumagapang sa ilalim ng balat
- Napakatinding kasiyahan
- Pagkabalisa at paranoia
- Matinding kalungkutan
- Napakasidhing paghahangad sa droga
- Hindi mapakali at psychosis
- Mga kombulsyon, mga seizure at biglaang kamatayan mula sa matataas na dosis (kahit na isang beses lamang)

## PANGMATAGALANG MGA EPEKTO

- Permanenteng pinsala sa mga daluyan ng dugo sa tainga at sa utak, mataas na presyon ng dugo, humahantong sa mga atake sa puso, mga stroke at kamatayan
- Pinsala sa atay, bato at baga
- Matitinding sakit sa dibdib
- Ganap na kasiraan sa sistemang panghinga
- Nakahahawang mga sakit at mga nana kapag itinuturok
- Malnutrisyon, pagbawas ng timbang
- Matinding pagkabulok ng ngipin
- Guni-guni sa pandinig at pandama
- Mga problemang sekswal, pinsalang may kinalaman sa reproduksyon at pagkabaog (parehong sa lalaki at babae)
- Kawalan ng orientasyon, apatiya, litong kapaguran
- Pagiging iritable at paiba-iba ng ugali
- Mas padalas na pagkakaroon ng mapanganib na ugali
- Deliryo o pagkabaliw
- Napakatinding kalungkutan
- Kawalan na ng epekto ng droga at pagkalulong (kahit pagkatapos lamang ng minsanang paggamit)

# Kabataan: Ang Pinaka-inosenteng mga Biktima ng Crack Cocaine

Ang pinaka-inosenteng mga biktima ng crack cocaine ay ang mga sanggol na ipinanganganak ng mga inang gumagamit ng drogang ito habang nagbubuntis sila. Ang The March of Dimes, isang hindi pangkalakal na organisasyon para sa pagbubuntis at kalusugan ng sanggol ay nag-uulat na ang paggamit ng cocaine sa pulbos nitong anyo o sa crack na anyo nito sa panahon ng pagdadalang-tao ay maaaring makaapekto sa isang babae at sa kanyang hindi pa naisisilang na sanggol sa maraming paraan. Sa maagang yugto ng pagdadalang-tao, maaari nitong mapalaki ang panganib na makunan. Maaari rin itong magdulot sa isang hindi pa naipapanganak na sanggol na magkaroon ng stroke, permanenteng pinsala sa utak o atake sa puso.

Iniulat ng National Institute for Drug Abuse (Pambansang Instituto para sa Pag-abuso ng Droga) na ang pagkakalantad sa crack cocaine sa panahon ng pagdadalang-tao ay maaaring humantong sa malalaking problema sa paglaon sa ilang mga bata.

Naipakilala ako sa paghithit ng crack cocaine, at doon tumigil ang lahat. Lumalabas ako noon kasama ang mga taong itinuturing kong talagang malalapit na kaibigan. Alam mo, totoo ang sinasabi nila tungkol sa crack: sa unang tira mo nito, hindi mo na makukuha ang ganoong high. . .  Lubusan akong sinira nito. Kinontrol ako nito nang lubusan.

“Sinira ng crack cocaine ang aking reputasyon, ang halaga ko sa aking sarili at ang respeto ko sa sarili.” — Diane



# Crack Cocaine: Isang Maikling kasaysayan



Habang ang paggamit sa mga dahon ng coca bilang isang nakalululong na substansya ay mula sa tatlong libong taon ang nakakaraan, ang crack cocaine, isang kristalisadong anyo ng cocaine, ay ginawa noong kasikatan ng cocaine noong mga 1970 at ang paggamit nito ay kumalat sa kalagitnaan ng mga 1980.

Ayon sa US Drug Enforcement Agency, sa huling banda ng 1970, may napakalaking sobra-sobrang suplay ng pulbos ng cocaine na inaangkat sa Estados Unidos. Ibinagsak nito ang presyo ng droga ng mga 80%. Nahaharap ng pagbabagsak ng presyo para sa kanilang ilegal na produkto, ginawang "crack" ng mga nagbebenta ng droga ang pulbos, isang solidong anyo ng cocaine na maaaring mahithit.

Hinati-hati sa maliliit na piraso, o "mga bato," ang anyo nito ng cocaine ay maaaring ibenta sa

**Ang crack ay pangarap ng nagbebenta: lumilikha ito ng agarang high, at naaadik ang mga gumagamit nito sa napakaikling panahon.**

maliliit na dami, sa mas maraming tao at para sa mas malaking kita. Mura ito, simpleng gawin, madaling gamitin at malaki ang ibinibigay na kita para sa mga nagbebenta.

Kasing-aga ng mga 1980, mga ulat tungkol sa paggamit ng crack ay matatagpuan sa Los Angeles, San Diego, Houston at sa Caribbean.

Ang pinakamalaking pagtaas sa paggamit ng droga ay naganap noong panahon ng “epidemya ng crack,” sa pagitan ng 1984 at 1990, kung saan kumalat ang droga sa mga lungsod ng Amerika. Pinataas nang malaki ng epidemya ng crack ang bilang ng mga Amerikanong naadik sa cocaine. Noong 1985, ang bilang ng mga taong umamin sa paggamit ng cocaine sa isang rutinang paraan ay tumaas mula sa 4.2 milyon at naging 5.8 milyon.



Sa katapusan ng 1986, ang crack ay matatagpuan na sa 28 estado at sa Distrito ng Columbia. Noong 1987, ang crack ay napaulat na matatagpuan sa lahat maliban sa apat na estado sa Estados Unidos. Mula noon, patuloy na kumalat ang paggamit ng droga sa kabuuan ng Hilaga at Timog Amerika at sa Europa at sa nalalabing bahagi ng mundo.

Noong 2002, nakararanas ang Inglatera ng kanilang sariling “epidemya ng crack,” ang bilang mga adik sa crack na nanghihingi ng tulong ay tumataas ng halos 50% noong taong iyon. Iniulat ng Inglatera ang pagtaas ng 74% sa mga panghuhuli ng crack cocaine sa mga raid sa droga sa pagitan ng 2000 at 2006.

Ang karamihan sa mga gumagamit ng crack cocaine sa Europa ay matatagpuan sa tatlong siyudad—Hamburg, London at Paris. Ngunit ang paggamit ng crack cocaine ay napaulat din bilang isang napakalaking probelma sa tatlong teritoryo ng Pransiya—Guadeloupe, French Guiana at Martinique—at sa ilang komunidad sa Olanda.



# Ano Ang Sasabihin sa Iyo ng Mga Nagbebenta

Noong sinarbey ang mga kabinataan at kadalagahan para malaman kung bakit sila nagsimulang gumamit ng droga, 55% ang nagsabing dahil ito sa pang-uudyok ng kanilang mga kaibigan.  Gusto nilang maging cool at sikat.  Alam ito ng mga nagbebenta.

Lalapitan ka nila bilang isang kaibigan at mag-aalok na "tulungan ka" gamit ang "isang bagay na makapagpapa-angat sa kalooban mo." "Tutulungan ka nitong maging 'in'" o "gagawin ka nitong cool."

Ang mga nagbebenta ng droga, inuudyukan ng mga kita na maaari nilang makuha, ay kung anu-ano ang sasabihin para mapabili ka nila ng kanilang droga.  Sasabihin nila sa iyo na "subukan mo ang crack ng isang beses lamang at magiging ayos lang ang lahat; aalisin nito ang lahat."

Wala silang pakialam kung sisirain ng mga droga ang buhay mo hangga't sa nababayaran sila.  Ang gusto lamang nila ay pera. Inamin ng dating mga nagbebenta na ang tingin nila dati sa mga mamimili ay "mga piyesa sa isang laro ng chess."

Alamin ang mga katotohanan tungkol sa droga. Magkaroon ng sarili ninyong mga desisyon.



# Ang Katotohanan Tungkol sa Mga Droga

Ang mga droga ay mga lason. Ang dami na ginamit ang makatitiyak sa resulta.


Ang maliit na dami ay nagsisilbi bilang pampasigla (nagpapabilis sa iyo). Ang mas marami ay nagsisilbing sedatibo (pinababagal ka). Ang mas marami pa ay nakalalason at maaaring makamatay.

Ito ay totoo sa kahit anumang droga. Tanging ang daming kinakailangan para makamit ang epekto ang naiiba.

Ngunit maraming droga ang may ibang panganib: ang mga ito ay direktang nakaaapekto sa isipan. Maaaring pasamain ng mga ito ang pag-unawa ng gumagamit sa nangyayari sa kanyang paligid. Bilang resulta, ang mga kilos ng taong iyon ay maaaring maging kakaiba, hindi makatwiran, hindi naaangkop at maaari pang mapanira.

Hinaharangan ng mga droga ang lahat ng mga pandama, ang mga kanais-nais ay pinapalitan ng mga hindi kanais-nais. Kaya habang nagbibigay ng panandaliang tulong sa anyo ng pagpapaginhawa sa sakit, pinapatay rin nila ang kakayahan at ang pagkalisto at pinapalabo ang pag-iisip ng isang tao.

Ang mga medisina ay mga drogang inilayon para mapabilis o mapababagal o mabago ang isang bagay tungkol sa paano gumagana ang iyong katawan, para subukang mapahusay ang paggana nito. Minsan ay kinakailangan ang mga ito. Ngunit ang mga ito ay mga droga pa rin: kumikilos ang mga ito bilang mga pampasigla o mga sedatibo, at ang sobra ay makamamatay sa iyo. Kaya't kapag hindi mo gagamitin ang mga medisina tulad ng kung papaano dapat gamitin ang mga ito, maaaring maging kasing-panganib ng ilegal na mga droga ang mga ito.



Ang tunay na kasagutan ay ang alamin ang mga katotohanan at hindi gumamit ng mga droga sa simula pa lamang.

# BAKIT GUMAGAMIT NG DROGA ANG MGA TAO?

Gumagamit ng droga ang mga tao dahil may gusto silang baguhin sa buhay nila.

Heto ang ilan sa mga dahilan sa paggamit ng mga droga na ibinigay ng mga kabataan:

- Para makibagay
- Para “makatakas” o makapag-relaks
- Para mapawi ang pagkabagot
- Para maging parang matanda
- Para magrebelde
- Para mag-eksperimento

Akala nila na ang mga droga ay solusyon. Ngunit kalaunan, ang mga droga ang nagiging problema.

Mahirap mang harapin ang mga problema, ang mga kalalabasan ng paggamit ng droga ay palaging mas malala kaysa sa problemang sinusubukang lutasin sa paggamit ng mga ito. Ang tunay na kasagutan ay ang alamin ang mga katotohanan at hindi gumamit ng mga droga sa simula pa lamang.



# MGA SANGGUNIAN


European Monitoring Centre for Drugs and Drug Addiction, *State of the Drug Problem in Europe, 2008*

*U.S. Drug Enforcement Agency Fact Sheet on Cocaine*

National Institute of Drug Abuse: *NIDA Info Facts: Crack and Cocaine,* April 2008

United Nations Office on Drug and Crime, *World Drug Report 2008*

"Crack Facts & Figures," Office of National Drug Control Policy, 2008

"Illicit Drug Use During Pregnancy," March of Dimes

"Research Report Series—Cocaine Abuse and Addiction," National Institute on Drug Abuse (NIDA)

"Drug and Alcohol Use and Related Matters Among Arrestees 2003," Zhiwei Zhang, Ph.D., National Opinion Research Center

"Cocaine use among young reaches shocking levels," thisislondon.co.uk

" Monitoring the Future, Overview of Key Findings 2007," NIDA

UN Office on Drugs and Crime Annual Report 2008

DEA History Book, 1985-1990

"Crack 'epidemic' fuels rise in violent crime," The Observer, 17 Feb 2002


PHOTO CREDITS:
Cover: DEA/drugs; IFC: Corbis; Page 5 and 8: DEA/drugs; page 12: Courtesy InfoImagination.org.

Milyong mga kopya ng mga booklet na tulad nito na mababasa sa 22 wika ay ipinamahagi sa mga tao sa buong mundo. Sa pagsulpot ng bagong mga droga sa mga kalsada at mas maraming impormasyon tungkol sa kanilang mga epekto ang nalalaman, dinaragdagan ng impormasyon ang mga booklet na nagawa na at lumilikha rin ng mga bagong booklet.

Ang mga booklet na ito ay inilalathala ng Foundation for a Drug-Free World, isang hindi kumikitang organisasyong nakalaan para sa pampublikong benepisyo na nakasentro sa Los Angeles, California.

Ang Foundation ay nagbibigay ng pang-edukasyong materyales, payo at koordinasyon para sa pandaigdigang network nito para sa pag-agap sa paggamit ng droga. Nakikipagtulungan ito sa mga kabataan, mga magulang, mga tagapagturo, mga organisasyon ng mga boluntaryong manggagawa at mga ahenteng pang-gobyerno—sinumang may interes sa pagtulong sa mga taong mabuhay nang malaya mula sa pang-aabuso sa droga.

# MGA KATOTOHANANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Ang booklet na ito ay isa sa mga serye ng publikasyong tumatalakay sa mga katotohanan tungkol sa marijuana, alcohol, Ecstasy, cocaine, crack cocaine, crystal meth at methamphetamine, mga de-langhap, heroin, LSD at pang-aabuso sa mga inireresetang droga. Taglay ang impormasyong ito, maaaring makagawa ang mambabasa ng desisyong mabuhay nang malaya sa droga.

**Para sa karagdagang impormasyon o para makakuha ng mas marami pang mga kopya nito o iba pang mga booklet sa seryeng ito, kontakin ang:**

Foundation for a Drug-Free World
6331 Hollywood Boulevard
Los Angeles, CA 90028 USA

**drugfreeworld.ph • e-mail: info@drugfreeworld.ph**
**Telepono: 1-888 NO TO DRUGS (1-888-668-6378)**

© 2018 Foundation for a Drug-Free World. Sarili Ang Lahat ng Karapatan. Ang logo ng Foundation ay isang tatak-pangkalakal na pagmamay-ari ng Foundation for a Drug-Free World. Item #20841-9-FIL